# OKRA



Ang okra (*Abelmoschus esculentus* L.) ay gulay na sagana sa *fiber*. Ang mga murang bunga nito ay maaaring kainin ng hilaw o di kaya naman ay nilaga. Kadalasang sangkap ang okra sa putaheng pinakbet at sinigang na baboy. Mayaman ito sa mga bitaminang *C, A, K, at folate.*



## LUGAR NA PAGTATANIMAN

Magandang itanim ang okra sa lupang mabuhanging-banlik. Mainam kung ang pH ng lupa ay 5.8 - 6.5. Maaaring itanim ang okra sa anumang buwan ng taon sapagkat may kakayahan itong mabuhay sa tuyong kondisyon at kahit sa lupang tinitigilan ng tubig.

## PAGPILI NG BINHI

Sa Pilipinas, may dalawang klase ng binhi ang okra. Ito ay ang *Smooth green* at *Native*.



## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN AT PAGPUPUNLA

Bungkalin ang lupang pagtataniman. Mag lagay ng isang kilong pinatuyong dumi ng manok o *chicken manure* at 300 gramo ng *carbonized rice hull* kada metro kwadrado. Gumawa ng mga tudling na may pagitan na 0.75 m kung tag-ulan o 1m kung tag-init. Mainam na maglagay ng *mulch* na plastik upang makontrol ang damo at mabawasan ang dalas sa pagdidilig.

## PAGTATANIM

Maglagay ng dalawa hanggang tatlong buto sa tudling na may pagitan na 30 cm at lalim na 3 cm. Magbawas ng punla ilang araw pagkasibol at magtira lamang ng isang punla bawat tundos.

## PANGANGALAGA

Mag lagay ng kompost o *vermicompost* pagkatapos magbawas ng punla. Dagdagan ito kapag nagsimula ng mabuo ang mga bunga. Maaari ding maglagay ng kompost o magdilig ng *manure tea* tuwing ikatlo hanggang ikaapat na linggo pagkatanim. Diligan ang taniman tuwing 10 araw o depende sa panahon. Pamahalaan ng mabuti ang damo ngunit magtira ng ilan upang mapanatili ang dami ng mga kaibigang kulisap.





## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang peste ng okra ay dapulak, ngusong-kabayo at mambibilot ng dahon. Mag spray ng soap solution (100g na dinurog na sili sa 16L na tubig na hinaluaan ng isang kutsarang powder detergent) kung may mga dapulak. Upang makontrol ang mga ngusong-kabayo, diligan ng dalawang beses sa isang linggo ang taniman. Kolektahin naman ang mga insektong mambibilot ng dahon at mga itlog nito at sunugin o ilibing sa lupa.



Ngusong kabayo



Cersospora (batik-batik)



Dapulak

Samantala, ang pinakamadalas na sakit naman ay batik-batik sa dahon sanhi ng *Cercospora*. Upang malunasan ang batik batik, tanggalin ang mga dahon na may sakit at sunugin o ibaon sa lupa.

## PAG-AANI

Anihin sa umaga ang mga murang bunga at kung malutong na. Kadalasan ito ay lima hanggang anim na araw pagkabulaklak. Ang mga bungang may haba na anim hanggang siyam na sentimetro ang mainam anihin. Mag ani ng dalawa hanggang tatlong beses sa isang linggo.

Masaganang ANI Mataas na KITA | DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

Para sa karagdagang impormasyon,
tumawag o mag text lamang sa
FARMERS' CONTACT CENTER
**0920 946 2474**